# *Kulay at Kikay*

*Nuralyn P. Arola*
*Department of Education, Tugbungan Elementary School, Tugbungan, Zamboanga City 7000*
*Corresponding email: nuralynarola@gmail.com*

Mga manika't lasong nagkalat sa ilalim ng pinaglumaang kutson, tuluyang nakatago sa mundong mapanghusga, walang magawa kundi ang sumilip sa isang maliit na siwang. Ninanais niyang kumawala at magpakasasa.

Ang tanging pumipigil sa kaniyang pag-alpas ay mga salitang 'sing talas ng kutsilyo't 'sing lupit ng sinturon ni tatay. Mga salitang, "bakla ka lang!" o kaya naman ay "isa kang salot sa lipunan."

Isa sa 11 porsyentong mamamayan ng Pilipinas—batay sa Statista— tulad ni Julio, ay nabigyan ng pag-asa ni Senator Risa Hontiveros dahil sa walang-sawang pagtaguyod nito sa House Bill 4982 o Sexual Orientation on Gender and Identity and Expression o SOGIE Bill na kumikilala sa pantay-pantay na karapatan ng LGBTQIA+ Community.

Ang bawat pirmang nailathala sa Committee Report 15 na isinumite ng Senate Committee on Women, Children, Family Relations, and Gender Equality ay patuloy na nagbubukas ng maraming posibilidad para sa mga Pilipinong parte ng LGBTQIA+ Community na lumabas sa mga anino ng karimlan at sa loob ng aparador nilang puno ng pagkamuhi, hiya, at mga tanong tungkol sa sarili.

Sila'y mga tao rin, may ipinaglalaban at may mga pangarap na nais tuparin. Nahihirapang makalaya sa kadena ng panghuhusga't tinitiis na lamang ang mga tinging nakapako sa kanilang mga galaw at kasuotan. Mga tinging dinaig pa ang titig ng isang hukom sa korte. Ganunpaman, sa gitna ng karagatan ng mga nag-aalong pangarap ni Julio, iisa lamang ang natatangi't mahalaga simula noong siya'y namulat sa katotohanan.

Iisa na lamang ang mahalagang kalabang kailangang makausap, isang digmaang kailangang mapanalunan. Bago maharap ang mundo, kailangan munang harapin ni Julio si tatay. Nais niya nang muling makipaglaro sa mga manikang kay tagal nang nakatago sa ilalim ng higaan.

***DETALYE NG ARTIKULO***
*T-0000001; Natanggap: Hulyo 25, 2025; Tinanggap: Hulyo 26, 2025; Nailathala: Hulyo 28, 2025*
***SIPI:***
*Arola, Nuralyn P. (2025). Kulay at Kikay. Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay. DOI:*
***KARAPATANG-AUTOR***
*© 2025 ng may-akda. Ang Talas: Mga Balita, Tampok, at Sanaysay ay inilalathala ng Harness Mind Publishing. Ito ay isang Open Access na artikulo na ipinamamahagi sa ilalim ng mga tuntunin ng Creative Commons Attribution License (https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/), na nagpapahintulot sa muling pamamahagi at pagpaparami sa anumang anyo o midya, basta't kinikilala ang orihinal na akda.*